# O Allāh, ako ay tao lamang. Kaya alinmang lalaking kabilang sa mga Muslim na inalipusta ko o isinumpa ko o hinagupit ko, gawin mo iyon para sa kanya bilang pagbusilak at awa."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Allāh, ako ay tao lamang. Kaya alinmang lalaking kabilang sa mga Muslim na inalipusta ko o isinumpa ko o hinagupit ko, gawin mo iyon para sa kanya bilang pagbusilak at awa."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat nagsabi siya: "O Allāh, ako ay tao lamang. Nagagalit ako kung paanong nagagalit ang tao. Kaya alinmang mananampalatayang naperhuwisyo ko o inalipusta ko o isinumpa ko at dinalanginan ko ng pagtaboy mula sa awa Mo o hinagupit ko o sinaktan ko, gawin mo iyon para sa kanya bilang pagbusilak, pampalapit-loob, pagdadalisay, panakip-sala, at awang ipang-aawa Mo sa kanya."



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee